



Mag-apply na Programang Ayuda sa Upa ng CA COVID-19 bago mag Marso 31!

Humingi ng tulong sa pagbayad ng upa

Ikung kayo ay nangungupahan na nakaranas ng pinansyal na kagipitan dulot ng pandemya at may pagkaka-utang sa upa, maaari kang **mag-apply ng ayuda sa upa at utilities na aabot sa 18-buwan**. Maaari rin mag-apply ang mga kasero sa ngalan ng kanilang nangungupahan.

Suriin ang iyong pagiging karapat-dapat at mag-apply sa **housingiskey.com**. Ang huling araw ng pagsumite ng aplikasyon ay sa ika-31 ng Marso 2022. Hinihikayat namin kayong mag-apply sa lalong madaling panahon.

Tsinalin sa samu't saring wika ang online portal at ang pagsumite ng aplikasyon ay aabot lamang sa mahigit 45 minuto. Maaaring humingi ng tulong sa pag-apply sa pagtawag sa CA COVID-19 Rent Relief Call Center sa 833-430-2122 o sa anumang lokal na organisasyon. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang sf.gov/renthelp.

Ihindi tatanungin ang iyong katayuan sa imigrasyon. Ang mga aplikante ay hindi kinakailangang magpakita ng katibayan ng pagkamamamayan.

Nag-apply na ba kayo? Tutukan ang mga email o tawag na magmula sa iyong case manager mula sa Programang Ayuda sa Upa ng CA COVID-19. Mangyaring sagutin ang kanilang mga tawag o email para hindi lalong mabinbin ang iyong aplikasyon.

Ang huling araw ng pag-apply sa Programang Ayuda sa Upa ng CA COVID-19 ay sa Marso 31, 2022. Mag-apply na!

Magsasara ang aplikasyon sa ika-1 ng Abril..



Proteksyon sa mga Nangungupahan

- Ang pang-estadong proteksyon sa pagpapalayas ay mapapa-walang bisa sa Marso 31, 2022. Mag-apply na sa Programang Ayuda sa Upa ng CA COVID-19 para mabawasan ang iyong panganib na mapalayas!
- Kapag ang iyong kasero ay naghain ng abisong pagpapalayas o mayroong hindi pagkakaunawaan sa iyong kasero, makipag-ugnayan agad sa anumang tenant counselor. Para sa buong listahan ng mapagkukunang tulong ng mga nangungupahan at kasero, bisitahin ang: <https://sf.gov/information/covid-19-emergency-tenant-protections>.
- Kapag sinampahan na kayo ng papeles ng pagpapalayas mula sa korte, HUWAG KAYONG AALIS AGAD! Makipag-ugnayan agad sa Eviction Defense Collaborative para tulungan kayo sa ligal na proseso:
 - Tumawag sa: 415-659-9184
 - Mag-email sa: legalevictiondefense.org
 - Bumisita sa Opisina: 1338 Mission Street (tuwing Lunes, Miyerkules at Biyernes, 10-11:30 ng umaga at 1-2:30 ng hapon).

